NANGUNGUNANG LINGGUHANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

# LIWAYWAY

Hunyo 24, 2019



TULA
## PAGTITIG
Ni PAUL RICO C. DE LARA

KUWENTO NG LINGGO
## GAYUMA
Ni ARMANDO T. JAVIER

NOBELANG KOMIKS
## LOVER BOY
Ni ELENA M. PATRON-DELOS ANGELES

# Keanna Reeves at Romm Burlat

MANILA BULLETIN PUBLISHING
9 771656 698142
ISSN 1656-98-14

ESM BOOKSTORE
telfax (02)905-2351 / 930-9728
CP# 09052849354

ang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

# MGA NILALAMAN

I-like kami sa aming facebook page: www.facebook.com/liwayway.magazine


## NOBELA

6 **"Ikaw Na Muna, Mommy" (5)**
*Efren Abueg*

9 **Saka Na Lang Kita Mamahalin (13)**
*Neri Jedeliz*

12 **Higit Na Matibay (28)**
*Armando T. Javier*

## KUWENTO

4 **Gayuma (2)**
*Armando T. Javier*

14 **Anino Sa Dilim**
*Omer Oscar B. Almenario*

## LATHALAIN

16 **Ang Pinagmulan Ng Mga Wedding Tradition**
*Chad Faller*

18 **Si Joiada, Ang Amang Di Nakalingat Sa Tungkulin**
*Fernando B. Sanchez*

## DAGLI

20 *Stefani J. Alvarez*

## KOMIKS

28 **Lover Boy (1)**
*Elena M. Patron-Delos Angeles / Rico Rival*

31 **Sa Mundong Iyon... (40)**
*Perry C. Mangilaya / Donato Santos*

34 **Pitik**
*Alquin M. Pulido / Arnel Coronel*

38 **Doro Dora**
*William Contreras*

## TULA

40 **Pagtitig**
*Paul Rico C. de Lara*

## KOLUM

21 **Epektibong Pagtuturo**
*Pat V. Villafuerte*

22 **Buklat/Mulat**
*Dr. Eugene Y. Evasco*

24 **Haraya**
*Dr. Michael M. Coroza*

36 **Magluto Tayo**
*Mareng Lena*

36 **Balik-Tanaw Sa Kasaysayan**
*Boy A. Silverio*

## SHOWBIZ

26 **Keanna Reeves At Direk Romm Burlat, May Nilulutong Anti-Bullying Project**
*Nonie V. Nicasio*

27 **Jerome Ponce, Tuloy-Tuloy Ang Magandang Kapalaran Sa Showbiz**
*Maricris V. Nicasio*

## LIBANGAN

37 **Pag-Usapan Natin!**
*Kuya Sam*

37 **Astrolohiya**
*Madame Sharona*

38 **Palaisipan**
*Jose Marie Gallego*

38 **Math Puzzle**
*Rosemarie Adaya*

38 **Magtawanan Tayo!**
*Anthony Locsin*










# GAYUMA

Ni ARMANDO T. JAVIER

**(HULING BAHAGI)**

GAYON kabisa? Tila lalong naapuyan ang pagnanais ni Kat na gamitan nga ng gayuma ang nakukursunadahang basketbolista.

Bumalik siya kina-Biyernesan, mag-isa na lamang; may miting daw sa SK si Trixie. Dala na niya ang *print-out* ng larawan nila ni Dennis na nasa kanyang *cellphone.* Napangiti si Aling Viola habang nakatingin sa larawan ni Dennis.

"G'wapo pala. Ano ba'ng problema't kailangan pa ng gayuma?"

"M-Me *girlfriend* ho..."

"A...kaya pala. Sige, iwan mo na sa 'kin 'tong litrato. Oorasyunan ko 'to. 'Yung ipinagagawa mo, balikan mo sa Martes."

Kina-Martesan nga, sa sobrang *excitement,* pinakamaaga siya sa mga naroong naghihintay sa mestisahing albularyo.

Isang botelyang may isang dangkal ang laki ang iniabot sa kanya ni Aling Viola. Nagkukulay-asul ang lamang likido, na diumano'y pinaghalu-halong ugat, dahon at bulaklak.

"Ipapatak mo 'yan sa inumin n'yang may kulay tulad ng kape o sopdrinks. Ingatan mong hindi n'ya makitang pinapatakan mo ng gayuma'ng inumin n'ya, kundi'y hindi tatalab 'yan..."

"Oho!"

Sa katuwaan, dinagdagan niya ang 'donasyon' niya, binilot niya ang pera at isinuksok sa bulsa ng *shorts* nang nakangiting albularyo.



Sa pag-uwi, nagniningning ang mga mata ni Kat habang pinagmamasdan at sinisipat ang hawak na botelya.

Pinagplanuhan niya kung paano mapapatakan niyon ang inumin ni Dennis.

Inabangan niya uli sa praktis nito. May kinanaw siyang *iced tea* sa isang malaking plastik na botelya kasama ang ilang pirasong *home made* na *sandwich*. Kumaway siya nang mapalingon si Dennis sa kinauupuan niya; tinanguan siya at nginitian nito. Itinaas ni Kat ang dalang plastik na lalagyang puno ng malamig na *iced tea*.

"*Hi!*" Nilapitan siya ni Dennis nang mag-*break* ito. Nagpupunas ng pawis sa hawak na bimpo. "Kanina ka pa?"

"Oo. *Drinks*. Siguradong nauhaw ka?" Kinalug-kalog niya ang hawak na lalagyan ng *iced tea*.

"Sige nga, *please*."

May dala na ring *disposable plastic cups* si Kat; nasa bulsa naman ng kanyang *shorts* ang botelya ng gayuma. Pinag-iisipan pa niya kung paano papatakan niyon ang *iced tea* ni Dennis nang hindi nito makikita. Nagsalin siya ng *iced tea* sa *plastic cup* nang nakamasid sa kanya si Dennis; hindi makadiskarte si Kat. Iniabot niya rito ang *iced tea* nang hindi napapatakan ng gayuma. Inisang inom ni Dennis.

"Gusto mo pa?"

"Oo. Nauhaw talaga 'ko." Ibinalik sa kanya ang wala nang lamang *plastic cup*. Sinalinan uli niya ng *iced tea* at iniabot kay Dennis. Lumagok uli ito; napatda lamang nang tumunog ang *cellphone*, rinig mula sa *gym bag* na nasa upuan nito. Kinuha ni Dennis para sagutin. Pinahawakan sa kanya ang *cup* ng *iced tea* saka lumayo upang hindi marinig ang pag-uusap nito at nang kung sino mang tumatawag. Tiyempo. Nagpalinga-linga si Kat. Abala sa pagkukuwentuhan at pagpupunas ng pawis ang ibang *teammates* ni Dennis, pero naging maingat pa rin siya. Dinampot niya ang binitiwang bimpo ni Dennis, ginawang pangkober habang palihim niyang pinapatakan ng gayuma ang nangangalahati pang *cup* ng *iced tea*. *Success!*

> Parang ibig nang mawalan ni Kat ng sampalataya kung tumatalab nga ba kay Dennis ang gayumang palihim niyang ipinapatak sa inumin nito...

Nang bumalik si Dennis, muli niyang iniabot dito ang *iced tea* at inalok ng *sandwich* ang manlalaro. Dumampot ng isa si Dennis.

"Sabayan mo na 'ko," sabi nito. Nakatingin sa ilan pang piraso nang dala niyang *sandwich*.

Kumuha rin ng isa si Kat, nagsalin din ng *iced tea* sa isang *plastic cup* at sinabayan nga sa pagmemeryenda si Dennis. Tila wala namang nalalasahang kakaiba si Dennis sa iniinom nito, tila sarap na sarap pa nga.

"*Thank you*, ha? Hindi mo naman kailangang gawin 'to," sabi pagkatapos. Ang pagdadala niya roon ng inumin at meryenda.

"Gusto ko. Bah, gusto ko 'atang mag-*champion* ang barangay natin sa liga!"

Napangiti si Dennis, hinawakan siya sa palad, pumisil at bumalik na uli sa praktis nang sumilbato ang kanilang *coach*.

Saglit pang nanood si Kat. Pagkuwa'y iniwan na rin niya ang botelyang may laman pang *iced tea* gayundin ang mga *sandwich* sa tabi ng *gym bag* ni Dennis at masayang umalis.

Naka-*first base* na siya, naisip ni Kat. Kailangan kayang ubusin niya ang laman ng botelya para tumalab ang gayuma kay Dennis? Hindi niya naitanong kay Aling Viola. Hindi naman siguro. Ngayon, maghihintay na lamang siya sa epekto nito sa natitipuhang basketbolista.

Pero makalipas ang ilang araw, parang wala namang ipinagbago. Hindi pa rin siya nililigawan ni Dennis. Pinapansin, oo; pero ang inaasam niyang hingan siya ng *date*, wala.

"Kasi nga, me dyowa," sabi ni Trixie nang mangumusta ito. "Baka dapat maghiwalay muna sila ng dyowa n'ya para *single* na uli s'ya."

"Pero sabi no'ng albularyo, di na s'ya kakalas sa 'kin..."

"Baka dapat na ulit-ulitin mo'ng pagpatak ng gayuma sa *drinks* n'ya--hanggang sa maubos ang laman ng bote."

"Gano'n?"

Nagkibit-balikat si Trixie. "Walang masama kung susubukin mo..."

Naging mas mapangahas si Kat. Kung Linggo na alam niyang walang praktis si Dennis, pinagsasadya niya sa bahay: minsan ay kasama niya si Trixie, minsan ay siya lamang. Lagi siyang may bitbit na makakain: *pizza, donuts, siopao*. Lagi ring may kasamang inumin: *family size* na *softdrinks*, sago-gulaman o anumang inuming may kulay. Kilala na nga siya ng nanay ni Dennis.

Isang hapon, nakita niyang nasa labas ng *apartment* ang mag-ina. Inaaway ng isang matangkad, mataray na babae ang nanay ni Dennis, at si Dennis ay tila walang magawa; nakamata lamang sa dalawa.

"Puro ka na lang pangako! Hindi ko magagasta ang pangako! Kung ayaw n'yong magbayad, lumayas kayo! Pauupahan ko sa iba ang *unit* n'yo!"

Natanaw na siya ni Dennis at sinalubong bago pa makalapit sa kanila. Inilayo pa siya sa ina at sa nag-iingay na kasera.

"Pasens'ya ka na, *wrong timing* ka. Me konting problema."

"A-Ano'ng problema?"

Napakamot ito sa batok. "*Late* na kasi 'yung upa namin, nagagalit na 'yung me-ari."

"Magkano ba'ng *rent* n'yo rito?"

"*Two five* 'sang b'wan."

Muling nilingon ni Kat ang ina ni Dennis na tila nanliliit habang pinagsasalitaan ng may-ari ng *apartment*.

"Meron ako dito. Bayaran n'yo na para umalis na." Inginuso niya ang matangkad na babae, naglabas ng dalawang iisahing libo at isang lilimandaaning piso at iniabot kay Dennis.

"Nakakahiya..."

"Sige na." Ipinilit niya rito ang pera.

Iniwan siya ni Dennis, nilapitan ang nagtataray na kasera at ibinigay rito ang pera. Nagtigil sa pagbubunganga. Agad na umalis.

Mula noon, naging magiliw kay Kat ang nanay ni Dennis. Iniistima siya kung dumadalaw siya roon. Itine-*text* nito ang anak kung nasa galaan at pinauuwi, sinasabing naghihintay siya. At habang hinihintay nila ang pag-uwi ni Dennis, inuusisa siya: ang *background* niya, ang hanapbuhay ng kanyang pamilya.

"Ang ibig mong sabihin, sa bata mong 'yan e dala-dalawa'ng negosyo mo?"

"Hindi naman ho sa 'kin, parang *manager* lang ho ako. *Family business* ho namin, pero dahil ako lang ang anak na maaasahan, sa 'kin ipinamahala."

"At sa 'yo 'yung kotse sa labas...?"

"Oho."

"S'werte ka." Napangiti si Aling Sula. "S'werte rin ang mapapangasawa mo. 'Yang si Dennis ko, naku, wala akong kaamor-amor sa nobya. Sosyalera, e wala rin naman. Nangangarap pang maging artista e boba naman! Parang hipon, katawan lang ang me pakinabang; ang ulo, wala!"

Iyon siguro ang babaeng nakakasabay niyang manood ng

(Sundan sa pahina 25)

# Keanna Reeves at Direk Romm Burlat, may nilulutong anti-bullying project

Ni NONIE V. NICASIO

NAGSIMULA si Keanna Reeves sa *showbiz* noong August 2004, sa kasamaang palad, ang *first two movies* na ginawa niya ay hindi naipalabas dahil sa problemang kinaharap ng mga naturang proyekto.

Aminado si Keanna na naglayas siya sa kanilang probinsiya sa Danao City, Cebu nang nagdadalaga na at napunta sa pangangalaga ng una niyang *manager* na si Richard Hiñola. Dito siya nagpasyang subukin ang kanyang kapalaran sa pag-aartista.

Naging punong-puno ng intriga ang buhay ni Keanna kahit nagsisimula pa lang siya noon sa *showbiz*. Una na rito ang paglabas niya sa *talk show* ni Boy Abunda na *Kontrobersyal*.

Nagbago ang kanyang kapalaran nang mapabilang siya sa *14 housemates* sa *Pinoy Big Brother: Celebrity Edition* noong 2006 at maging *Big Winner* dito. Ito ang nagbukas sa kanya ng pinto para bumalik sa pelikula at magbida sa *Binibining K with* Troy Montero.

Mula rin dito ay lumabas din siya sa ilang *TV series* at nagkaroon ng *guestings* sa iba't ibang *TV shows*.


Si Direk Romm Burlat naman, matapos magdirek ng sunod-sunod na pelikula ay bumalik sa pag-arte. Ang kaibahan niya sa karamihan ng *filmmaker*, hindi lang siya basta *director*, kundi artista at *line producer* din.



Si Direk Romm ang bida sa *movie titled Tutop* na pinamahalaan ni Direk Marvin Gabas. Ito ay isang *horror film* na tinatampukan din nina Jay-R, Tonz Are, Faye Tangonan, at iba pa.

Ayon kay Direk Romm, ang papel niya rito ay may sayad sa utak. "Ang Tutop ay isang *one of a kind suspense-drama-horror film*. Ito ang *most challenging, most excruciating at most demanding* na *role* na ginampanan ko. May sayad sa utak, baliw… pero *worth it. I kill for my family* dahil *weird* ako rito, parang Jack Nicholson."

Ito ang kanyang ikalawang *lead role*. Una siyang nagbida sa *Sindi*, na nanalo ng *Best Director and Best Actor* sa Gawad Filipino Awards. Dapat ding abangan ang *movie* nilang *Bakit Nasa Huli Ang Simula*, na *first starring role* ng *beauty queen-turned actress* na si Ms. Faye Tangonan, *with* William Martinez, Lance Raymundo, Jay-R Ramos, Lester Paul, at iba pa.



Mga larawang kuha ni Wilson Fernandez

Ang iba pang natapos na pelikula ni Direk Romm ay ang *If a Picture Paints* na tungkol sa AIDS *and cancer* at ang *Aliw ng Baliw*, isang *light comedy-drama*.

Ang susunod na pelikulang gagawin ni Direk Romm ay ang *Nabulag ang Buwan sa Init ng Araw* na ukol naman sa *anti-bullying*. At ang *sequel* ng *internationally recognized* na *Beki't Ako*, ang *title* ng pelikula ay *Baklang Twooo*.

Sa ngayon ay 17 na ang nagawa niyang pelikula, *nominee* rito ang dalawa-*Akay* at *Ama Ka Ng Anak Mo* sa We Care Film Festival sa New Delhi, India na ang *awards night* ay gaganapin sa September. *Nominated* ito *for Best Picture* at may mga *individual nominations* din.

Ang proyektong *Nabulag ang Buwan sa Init ng Araw* na isang *dramedy* ang pagsasamahang pelikula nina Keanna at Direk Romm. Makakasama ni Keanna sa pelikulang ito sina Jao Mapa at Jay-R Ramos.

Ayon kay Keanna, paghahandaan niya ang pelikulang ito dahil nabanggit sa kanya ni Direk Romm na pipigain niya rito ang *acting* ni Keanna.

"Iyan ang gusto kong *project*, na *challenging* talaga ang *role*. Kasi, ang *dream* ko talaga ay makakuha ng *acting award*. Kaya natutuwa ako sa *indie film* na kinukuha nila ako," pahayag ni Keanna na *very soon* ay mapapanood din sa isang *TV series* sa Kapamilya Network.

# Jerome Ponce, tuloy-tuloy ang magandang kapalaran sa *showbiz*

Ni MARICRIS VALDEZ-NICASIO



Larawang mula sa Regal Entertainment

UNANG sumabak si Jerome Ponce sa larangan ng pag-arte sa pamamamagitan ng teatro noong 2011. Mula rito, nang sumunod na taon ay nakuha ng aktor ang kanyang *biggest break* sa kanyang *showbiz career* sa pamamagitan ng ABS CBN TV *series* na *Be Careful With My Heart* na tinampukan nina Jodi Sta. Maria at Richard Yap.

Gumanap dito si Jerome bilang si Luke Andrew Lim na anak ni Richard at kapatid ni Janella Salvador. Naging *big hit* ito kaya nagtuloy-tuloy ang magandang kapalaran ni Jerome sa *showbizlandia*.

Kaya naman nasabi ng 24 *year old* na binata na hindi siya makapaniwala sa nangyayari sa kanyang *career*. Aminado siyang nakaranas ng maraming *disappointments* at *rejections*.

Nauna rito, dalawang ulit sinubukan ni Jerome na maging bahagi ng Pinoy Big Brother, ngunit siya'y nailagay lang sa *reserved slot* at hindi nagkaroon ng pagkakataong maging Housemate sa Bahay ni Kuya.

Noong 2013, ang guwapitong Kapamilya *actor* ay naging bahagi ng Star Magic Circle.

Kabilang pa sa ilang mga TV *show* na nakalabas si Jerome ay sa *Nasaan Ka Nang Kailangan Kita, Pangako sa 'Yo* na tinampukan nina Kathryn Bernardo at Daniel Padilla, at iba pa.

Pero ang masasabing nagpakita siya nang kakaibang husay ay sa seryeng *The Good Son* kasama sina Eula Valdez, Mylene Dizon, Albert Martinez, Joshua Garcia, McCoy de Leon, at Nash Aguas.

Sa pelikula naman, *Haunted Mansion* ang unang natoka sa kanya noong 2015 sa bakuran ng Regal Entertainment. Nasundan ito ng *The Ghost Bride, Walwal*, at *Finding You*. Lahat ito ay mula sa Regal Entertainment, maliban sa The Ghost Bride, *starring* Kim Chiu na mula naman sa Star Cinema.

"Ako'y nagpapasalamat sa Regal Films, sobrang *thankful* ako kasi ang gaganda ng *roles* na ibinibigay nila sa akin," sambit ni Jerome.

Ang Finding You na pinagtambalan nila ni Jane Oineza ang maituturing na *biggest break* ni Jerome sa pelikula *so far*, dahil ito ang kanyang unang *solo romantic lead role*.

Susunod na mapapanood si Jerome sa isa pang *youth oriented movie* na pinamagatang *Ang Henerasyong Sumuko sa Love* ni Direk Jason Paul Laxamana. Bukod kay Jerome, tampok dito sina Tony Labrusca, Jane Oineza, Myrtle Sarrosa, Albie Casiño, at iba pa.

# Higit Na Matibay

(Mula sa pahina 13)

Nakita nga nilang tila nabaghan si Zeny, agad na ipinamulsa ang *cellphone* at dinampot ang kanyang bag.

"'Alis muna 'ko, kayo na muna'ng bahala dito. Me nangyari ke Toby..."

"Ano?"

"Nagsusuka daw. Nagdudumi din."

Martes pa lamang noon, dapat ay nasa eskuwela pa ang bata.

"Sige na. Kami na'ng bahala dito..."

Nagmadaling lumabas ng parlor si Zeny.

Kinahapunan, nag-*text* ito at sinabing hindi na siya makababalik sa parlor. Isinugod daw nila ni Aling Elsie sa ospital si Toby, ipina-*confine* ng doktor at inoobserbahan pa. Itinanong niya kung saang ospital dinala. Sa Gen. Trias pala. Doon na sila tumuloy ni Bene nang makapagsara sila.

Naka-*dextrose* nga ang bata nang datnan nila sa kuwarto, binabantayan ni Zeny. Umuwi raw saglit si Aling Elsie para kumuha ng mga pamalit na damit.

"Ano'ng nangyari?" tanong ni Janno.

"Basta na lang daw nagsuka nang sunduin ni Nanay. Hinala ng doktor, baka na-*food poisoning*..."

"Pinababaunan n'yo naman ng pagkain si Toby, di ba?"

"Oo nga, pero, pa'no kung may kaklaseng nagbigay ng pagkain. Hindi naman lahat ng kaklase n'ya'y nagbabaon din. Baka merong bumili sa mga *ambulant vendor* sa labas ng *school*."

Maputla nga si Toby, napapangiwi pa dahil sa *dextrose* na nakatusok sa braso.

"Pagaling ka, Toby, ha? *Brave boy*, ha?" sabi ni Janno.

Marahang tumango ang bata.

"Pa'no, di dito ka matutulog ngayon?"

"Oo," sabi ni Zeny. "Si Nanay rin. Di makakatiis 'yon na di bantayan ang paboritong apo."

Mandi'y nakalimutan na ng mag-ina ang naging iringan nang nagdaang mga linggo. Binuksan ni Zeny ang kanyang bag, kinuha ang susi ng bahay at iniabot sa kanya.

"Dalhin mo na 'to para makapasok ka sa bahay."

Napatingin sa kanila si Bene, may hiwatig na baka sa iisang bahay sila umuuwi ni Zeny.

Sabay silang nagpaalam. Sa kalsada, habang nag-aabang ng sasakyan, nagtanong si Bene.

"Uuwi ka na, Janno?"


"P'wedeng hindi pa. Bakit?"

Napangiti si Bene. "Me natira pa kasi 'kong lambanog, s'yatin natin?"

Taga-Quezon nga ito, tila hindi palalampasin ang araw nang hindi nakakainom. Wala namang naghihintay sa kanya sa *apartment*, nasa kanya rin ang susi. Puwede siyang gabihin nang uwi.

Kagabi, tinutudyo siya ni Zeny na paliligawan sa kanya si Bene. Bakit? May nahihiwatigan ba si Zeny kay Bene na hindi niya nahihiwatigan?

(ITUTULOY)


LOVER BOY
NOBELA NI ELENA M. PATRON-DELOS ANGELES GUHIT NI RICO RIVAL
NAKAKALIG ANG LOVER BOY NA ITO.
AT HUNK.
KAHANGA-HANGA RIN KAYA ANG LOVER BOY NA ITO NI CELINA?

# PAGTITIG

Paano tititig
sa mata ng taong
hindi sa 'yo umiibig?

Paano tatanggapin
ang walang damdamin
na pagtitig ng kanyang mga mata?

Gusto kong titigan
ang mata ng taong
hindi ako iniibig.

Gusto kong makita
kung gaano kabusilak
ang katotohanan

Gusto kong madama
ang lamig

Ng titig ng mata
ng taong
dati akong iniibig.

**- PAUL RICO C. DE LARA**

